MGA TAGUBILIN AT MGA MULTA ULAT SA PAGIGING KARAPAT-DAPAT/KATAYUAN

Para sa Tulong Pampinansyal, Mga Food Stamp

Kailangan ng Tulong? Tawagan ang iyong manggagawa.

- Kung hindi ka magpapadala ng isang kumpletong ulat kabilang, ngunit hindi limitado sa, pagsagot sa lahat ng mga tanong sa QR 7/SAWS QR 7 at pagkabit ng pruweba kapag hiniling namin ito, ang iyong benepisyo ay maaaring maantala, magbago, o mahinto. **Magkabit ng isang hiwalay na pilyego ng papel kung kinakailangan.**
- Ang mga impormasyon na iyong iuulat ay maaaring magresulta sa iyong mga benepisyo na tumaas, bumaba, o mahinto.
- Ipadala ang iyong nakumpletong ulat sa ika-5 ng buwan matapos ang buwan ng pag-uulat.

Mga Halimbawa

Kita	• Mga Sahod • Bayad sa Bakasyon • Suporta sa bata/asawa • Paseguro o legal na mga kasunduan • Kita sa paupa at tulong sa paupa • Alinmang mga benepisyo ng gobyerno • Danyos ng Estado sa Kawalang-kaya	• Sariling Trabaho • Mga Tip • Interes o mga dibidendo • Mga benepisyo ng welga • Mga ibinalik na buwis • Kawalang-trabaho • Pasegurong Panlipunan • Dagdag paseguro sa kinikita /Dagdag Bayad ng Estado (SSI/SSP)	• Suweldo • Kitang Hindi Pera, gaya ng nakamit na pabahay, libreng pabahay/mga utilidad/damit/pagkain • Panalo sa pagsusugal/loteriya • Pera, mga regalo, mga utang, pagiging-iskolar • Ibang kawalang-kaya na pribado o ng gobyerno o pagreretiro • Kompensasyon sa Mga Manggagawa • Pagreretiro ng Beterano o Nagtatrabaho sa Daang-bakal
Ari-arian	• Mga sasakyang de-motor • Balanse sa EBT • Tahanan	• Pang-tseke • Mga Bonong Pang-impok • Lupa	• Pang-impok • Mga polisa ng paseguro ng buhay • Mga kasiguruhan
Mga halaga ng Pabahay	• Upa • Mga udilidad	• Sangla • Paseguro ng mga may-ari ng bahay	• Mga buwis ng ari-arian • Mga singil sa koleksiyon ng basura/kalat
Mga gastos	• Mga gastusin medikal • Mga prima sa paseguro ng kalusugan • Pagkalinga sa Bata/nananangan	• Matrikula at mga panustos sa kolehiyo • Ipinag-uutos na mga singil sa paaralan • Suporta sa bata/asawa	• Transportasyon • Kuwarto at Pagkain • Halaga ng pabahay

Mga Parusa

MGA PARUSA PARA SA PANDARAYA SA TULONG PINANSIYAL: Kung sinadya mong hindi sumunod sa mga alituntunin ng Tulong Pinansiyal, ang iyong Tulong Pinansiyal ay maaaring babaan sa isang yugto ng panahon at ikaw ay maaaring multahan ng hanggang $10,000 at/o makulong o mabilanggo ng hangganag 3 taon.

Ang iyong Tulong Pinansiyal ay maaaring mahinto:

- Para sa hindi pag-ulat ng lahat ng impormasyon o sa pagbigay ng maling impormasyon: 6 na buwan para sa unang paglabag, 12 buwan para sa pa-ngalawang paglabag, o magpakailanman para sa pangatlo.
- Para sa pagsumite ng isa o higit pang aplikasyon upang makakuha ng tulong pinansiyal sa higit sa isang kaso para sa parehong yugto ng panahon: 2 taon para sa unang pagpapatunay na nagkasala, 4 na taon para sa pangalawa, at magpakailanman para sa pangatlo.
- Para sa pagpapatunay na nagkasala sa krimen na pandaraya upang makakuha ng tulong: 2 taon para sa pagnanakaw ng halagang mababa sa $2,000; 5 taon para sa halagang $2,000 hanggang $4,999.99; at magpakailanman para sa halagang $5,000 o mahigit.
- Magpakailanman para sa pagbigay sa lalawigan ng maling pruweba ng tinitirhan upang makakuha ng tulong sa dalawa o higit na mga lalawigan o estado nang sabay, sa pagbigay sa lalawigan ng maling impormasyon para sa isang di-karapat-dapat na bata o isang bata na hindi naman nabubuhay, nakakakuha ng higit sa $10,000 na mga benepisyong salapi na pamamagitan ng pandaraya, nakakuha ng ikatlong pagpapatunay na nagkasala para sa pandaraya sa korte ng batas o isang administratibong pagdinig.

MGA PARUSA PARA SA PANDARAYA SA SELYONG PANG-PAGKAIN: Kung iyong sinadya na hindi sundin ang mga alituntunin ng Selyong Pangpagkain, ang iyong Mga Selyong Pangpagkain ay maaaring ihinto ng 12 buwan para sa unang paglabag, 24 na buwan para sa Pangpagkain, at magpakailanman para sa pangatlo. Ikaw ay maaaring multahan ng hanggang $250,000 at/o makulong/ mabilanggo ng 20 taon.

- **Kung ikaw ay napatunayang nagkasala sa saanmang korte ng batas o administratibong pagdinig sapagkat:**
- Ikaw ay nagpalit o nagbenta ng Mga selyong Pangpagkain para sa mga armas, bala, o mga pampasabog, ang iyong Selyong Pangpagkain ay maaaring ihinto magpakailanman para sa unang paglabag.
- Ikaw ay nagpalit o nagbenta ng Selyong Pangpagkain para sa kontroladong mga sangkap, ang iyong Selyong pangpagkain ay maaaring ihinto ng 24 na buwan para sa unang paglabag at magpakailanman para sa pangalawa.
- Ikaw ay nagpalit o nagbenta ng Selyong Pangpagkain na nagkakahalaga ng $500 o mahigit, ang iyong Selyong Pang-pagkain ay maaaring ihinto magpakailanman.
- Binigyan mo ng maling impormasyon ng pagkakakilanlan o tinitirhan ang lalawigan, upang ikaw ay makakuha ng Selyong Pangpagkain sa higit sa isang kaso nang sabay, ang iyong Selyong pangpagkain ay maaaring ihinto ng 10 taon.